Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

# Mga Diasporikong Salaysay ng mga Taga-Dulay: Pangwawasak ng Marawi Siege, Paglikas, at Pagbangong Muli

Aida Marohom-Manda[1]
1 – Mindanao State University Integrated Laboratory School

Publication Date: August 9, 2025 DOI: 10.5281/zenodo.16821734

**Abstract**

Pinakatunguhin ng pag-aaral ay makalap ang mga personal na salaysay ng mga Internally Displaced Persons (IDP) na mga Meranaw sa Marawi na lumikas dahil sa Marawi siege noong 23 Mayo 2017. Mula rito ay tinugon ang mga sumusunod na layunin: 1) maisalaysay ang mga diasporikong salaysay ng mga Meranaw na kasalukuyang naninirahan sa Dulay sa mga sa mga panahon ng pagwasak, paglikas, at pagbangong muli; 2) maitanghal ang buhay at kalagayan ng mga IDP kaugnay ng kanilang kabuhayan, pamilya, at pananampalataya; 3) mailarawan ang konsepto ng bagong pamumuhay ng mga Meranaw mula sa salaysay ng pagwasak at muling pagbangon.

Isang kwalitatibong pananaliksik ang pag-aaral. Sa pamamagitan ng panayam kalakip ang ilang iskala ng metodong indihenus ay nakalap ang tatlumpu't pitong salaysay mula sa mga IDPng nasa Dulay na ginamit na lunsaran upang tugunan ang layunin ng papel. Gamit ang lenteng pagwasak at pagbuo, nabatid sa mga salaysay na mayroong nawasak at nabuo dahil sa giyera ngunit hindi lahat ay kayang wasakin ng isang trahedyang gaya ng digmaan.

Lumabas sa pag-aaral na sa panahon ng pangwawasak, ang napakagandang alaala nila sa kanilang dating lugar ay napalitan ng wasak, sira, at sunog na imahe ng mga bahay, mga istrukturang komersyal, at iba pang mahahalagang gusaling tulad ng paaralan at masjid. Sa panahon ng paglikas, halos iisa ang kanilang naging tugon – mahirap ang buhay ng isang IDP sa panahong ito. Sa kanilang pagbalik sa Marawi, nalamang hindi na sila makabalik sa kanilang dating lugar. Napadpad sila sa Dulay, isang bagong lugar na bahagi pa rin ng Marawi. Sa kabila ng matinding hamon, matatag nilang hinarap ang buhay sa Dulay – isang lugar na malayo sa matao at maingay na lungsod, na may matibay na pananampalataya. Sa kabila ng mga trauma at hamong narasanasan ng mga IDPng nasa Dulay, nakita sa kanilang mga salaysay, ang pagpapahalaga sa pamilya at mga kaanak na nanatiling buo at napahahalagahan lalo na sa mga panahon ng pangangailangan. Sa gitna na mga guho at sunog na mga labi ng digmaan, nakitang nanatiling matatag ang kanilang pananampalataya sa kanilang Dakilang Lumikha. Naging tagapagpaalala rin ang pag-aaral sa halaga ng kapayapaan.

**Keywords***: Diasporikong Salaysay, Meranaw, Dulay, Pagwasak at Pagbuo, Marawi Siege*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

## INTRODUCTION

Naganap noong 23 Mayo 2017 ang makasaysayang giyera sa Lungsod Marawi. Ito ang dahilan kung bakit sapilitang iniwan ng mga Meranaw ang Marawi, ang bayang kanilang pinagmulan. Ang giyera sa Marawi ang dahilan kung bakit nagkaroon ng malaking pinsala sa lungsod na tinaguriang ground zero o Most Affected Area (MAA). Siyamnapu't anim (96) ang mga barangay na bumubuo sa nasabing lungsod. Dalawampu't apat (24) nito ay MAA habang ang pitumpu't dalawa (72) ay sakop ng Least Affected Area (LAA). Ilan sa mga barangay na nasa MAA at LAA ang hindi na maaaring balikan. Ang bahaging nasa tatlo hanggang anim na metrong layo mula sa ilog at lawa ay dineklarang no dwell zone ng gobyerno (Suson, 2021). Sa tala ng DSWD Marawi (ReliefWeb, 2018), nasa 77,170 pamilya o 353,921 indibiduwal ang lumikas dahil sa armadong sagupaan batay sa Disaster Assistance Family Access Cards (DAFAC). Sa datos naman ng Task Force Bangon Marawi o TFBM, nasa 953 pamilya ang nilipat sa mga permanenteng tirahan at 4,916 na iba pa ay nasa ilang temporaryong tirahan pa rin sa ibang lugar habang ang iba pa ay nakahanap ng mga pansamantalang tahanan sa ibang lugar (Fonbuena, 2023). Karamihan sa mga residenteng nagmula sa ilang barangay na hindi na maaaring balikan ang napunta at nalipat sa ilang pabahay na itinalaga ng gobyerno para sa kanila. Ito ang nagtulak sa mananaliksik na malaman ang naging karanasan ng mga IDPng Meranaw, mga Meranaw na lumikas dahil sa giyera sa Marawi, na ngayon ay nasa Dulay na hindi na nakabalik sa kani-kanilang barangay. Ang kanilang karanasan ang naging batis ng mga salaysay na nagsilbing lunsaran ng pag-aaral. Itinala ang kanilang karanasan ng paglikas hanggang sa kanilang pagbalik at paninirahan sa labas ng kanilang pinaggalingang lugar. Ito rin ang naging batis ng mga kuwento ng karanasan mula sa mapangwasak na kaguluhan. Kinalap mula sa kanilang karanasan ang mga diasporikong salaysay ng mga Internally Displaced Persons (IDPs). Kaya, ang pag-aaral ay magtatampok ng isang uri ng panitikan, ang mga diasporikong salaysay mula sa personal na karanasan ng mga IDPng Meranaw. Ang terminong diasporiko ay nauugnay sa salitang diaspora. Ang diaspora (Angeles, 2019) ay ang tawag sa pagkakawatak-watak o pagkalat ng mga tao mula sa kanilang lupang tinubuan. Sa pag-aaral na ito, ang mga diasporikong salaysay ay tungkol sa buhay at kalagayan ng mga IDPng Meranaw na lumikas dahil sa digmaang naganap sa Marawi noong 2017. Lumipas man ang ilang taon pagkaraan ng makasaysayang giyera, masasabing napapanahon ang papel pananaliksik na ito dahil sa kabila ng paglaya ng Marawi mula sa mga terorista, ang tunay na laban ng bawat Meranaw ay nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan. Dadalumatin ng kanilang mga diasporikong salaysay ang tapat, tunay, at totoong pangyayari at saloobin at mabuo ang imahe ng lugar na kanilang pinagmulan bago maganap ang giyera, panahon ng pangwawasak, sa panahon ng kanilang paglikas at ang pagbabalik nila sa kanilang bagong lugar tirahan, sa Dulay. Sa pamamagitan ng pag-aaral ay mababatid ng mga tagalabas ang mga naratibo ng mga apektadong IDP, na buo at hindi putol-putol.

### Review of Related Literature

Ang pagkubkob ng ISIS sa Marawi ay humantong sa pagkawasak ng mga tahanan ng bawat pamilya na nagbunsod ng panibagong pakikibaka sa buhay ng mga Meranaw. Naging hamon sa kanila ang paghahanap ng panibagong matitirahan at kung paano haharapin ang panibagong hamon ng buhay. Sa ulat ng The United Nations High Commissioner for Refugees (UNHCR), mahigit 120,000 katao ang nakatira sa permanente at pansamantalang tirahan sa labas ng Marawi (Gallardo, 2022). Ang mga pag-aaral na may kinalaman sa Marawi siege nina Rocina (2021), Ambung, et. al (2019), Cabugatan at Oder (2019), H, Noor (2018), Burias (2014), at Macalangcom (2013) ay pawang maiuugnay sa kasalukuyang pag-aaral dahil ang mga ito ay tungkol sa karanasan ng mga Meranaw ngunit may pagkakaiba sa ilang aspekto. Ang mga pag-aaral nina Rocina (2021) at Macalangcom (2013) ay tungkol sa migrasyon ng mga Meranaw sa ibang lugar na nangyari hindi dahil sa giyera sa Marawi kundi upang makahanap ng mas magandang kapalaran sa ibang lugar. Ang mga pag-aaral nina Ambung, et.al (2019), Cabugatan at Oder (2019) at H. Noor (2018) ay pawang tungkol sa nangyaring Marawi siege. Halos magkatulad ang mga pag-aaral nina Ambung, et. al

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

(2019) at Cabugatan at Oder (2019) na parehong sumuri sa kalagayan ng pamumuhay ng mga IDPng apektado ng siege ngunit magkaiba ng lugar ng pag-aaral, ang una ay sa Sagonsongan Lanao del Sur at ang huli ay sa Saguiaran Lanao del Sur. Karanasan din ng mga IDP ang pag-aaral ni H. Noor (2018) ngunit ito ay nakatuon sa mga karanasan ng Kabataang babaeng Meranaw na napadpad sa Campong, Pantar Lanao del Norte. Diaspora naman ang tuon ng pag-aaral ni Burias (2014) na sumuri at tumalakay sa buhay ng mga migranteng Pilipino na nilisan ang Pilipinas upang makipagsapalaran sa ibang bansa. Ang kanyang pag-aaral ay gumamit ng nakalathalang sampung seleksyong lunsaran subalit, ang kasalukuyang pag-aaral ay naiiba sapagkat gumamit ito ng mga personal na salaysay ng mga IDPng Meranaw na hindi na nakabalik sa kanilang dating lugar at nalipat sa isang bagong lugar. Nakalahad sa kanilang mga salaysay diasporiko ang kanilang detalyadong buhay at kalagayan sa mga panahong bago ang siege, pangwawasak, paglikas, at pagbangong muli sa isang bagong lugar na bahagi pa rin ng Marawi.

### Objectives and Research Hypotheses

Makakalap ng mga diasporikong salaysay ng mga Meranaw ang pinakatunguhin ng pag-aaral. Ang pangunahing layunin nito ay matalunton sa mga salaysay ang kanilang naging karanasan mula sa kanilang pinanggalinagang lugar hanggang sa lugar na pinaglipatan sa kanila. Mula rito ay tutugunan ang mga sumusunod na tiyak na layunin ng pag-aaral na matugunan ang mga sumusunod na layunin: 1) maisalaysay ang mga diasporikong salaysay ng mga Meranaw na kasalukuyang naninirahan sa Dulay sa mga sa mga panahon ng: (a) pagwasak, (b) paglikas, at (c) pagbangong muli; 2) maitanghal ang buhay at kalagayan ng mga IDP kaugnay ng kanilang: (a) kabuhayan, (b) pamilya, at (c) pananampalataya; 3) mailarawan ang konsepto ng bagong pamumuhay ng mga Meranaw mula sa salaysay ng pagwasak at muling pagbangon.

Ang digmaan sa Marawi noong 2017 ay nagdulot ng pagbabago sa buhay ng mga apektadong IDPng Meranaw at ang kanilang mga kabuhayan ay hindi pa rin tuluyang nakababangon kahit lumipas na ang ilang taon matapos ang makasaysayang kaguluhan.

## METHODOLOGY

Ang datos na ginamit sa pag-aaral ay ang mga nakalap na personal na salaysay tungkol sa buhay at karanasan ng mga taga-Dulay na inuring salaysay diasporiko. May kabuoang tatlumpu’t pitong (37) salaysay ang nakalap mula sa mga IDPng Meranaw na bumalik na sa Marawi at ngayon ay nakatira sa kanilang bago at permanente nang tahanan sa Dulay. Ang mga datos na ito ay mula sa mga impormanteng tumugma sa krayteryang inilaan. Ang bawat impormante ay pinalagda sa isang consent form.

Disenyong kwalitatibo sa paraang deskriptibo ang pananaliksik na ito. Bukod sa interbyu na pinakapangunahing metodong ginamit, naging katuwang nito ang ilang iskala sa teknik indihenus nina Santiago at Enriquez (sipi kay Pe-pua, 1989) sa pangangalap ng datos na ginamit sa pag-aaral. Ang ilan sa mga iskalang ito ay ang pagmamasid, pagtatanong-tanong, pakikipagkuwentuhan, at pakikinig. Nagsilbing tagabukas ng kuwentuhan ang pagtatanong-tanong dahil sa iisang wikang gamit ng mga impormante at mananaliksik, ang wikang Meranaw.

Ang mga salaysay ay sinuri gamit ang lenteng pagwasak at pagbuo ni Gervacio (2014). Ang teoryang pagwasak at pagbuo ay isang talinghaga ng pagbuo pagkatapos ng isang pagwasak. Ayon pa kay Gervacio, sa bawat pagguho ay may natutukod. Sa bawat nabibiyak ay may napagkakabit. Mula sa pagkawasak ng Marawi ay dadalumatin ng teoryang ito ang anumang bago sa buhay ng mga IDPng Meranaw na ngayon ay nasa Dulay na may kaugnayan sa kanilang kabuhayan, pamilya, at pananampalataya.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

## RESULTS AND DISCUSSION

Nabatid sa mga salaysay ang kanilang naging danas sa panahon ng pangwawasak ng Marawi siege, paglikas hanggang sa kanilang pagbalik sa Marawi at nanirahan sa isang bagong komunidad. Masasalamin sa mga salaysay nilang ito na hango sa totoong pangyayari at karanasan ang kanilang pakikipagsapalaran sa harap ng hirap at pagsubok na dulot ng naganap na Marawi siege. Saklaw ng kanilang mga salaysay ang panahong wala pang siege, sa panahon ng paglikas at unti-unting pagbangon, at ang kanilang pagbangon sa Dulay, isang bagong lugar na bahagi pa rin ng Marawi.

Sa kanilang pagbabalik-tanaw, 'mabuti' (mapiya), ang nagkakaisang pagkalarawan ng mga IDPng Meranaw sa kanilang kalagayan sa mga barangay na pinanggalingan bago pa man mangyari ang makasaysayang giyera sa Marawi. Nabatid din ang katatagan ng pamumuhay at hanapbuhay, sama-samang pamilya, at matatag na pananampalataya. Maayos ang kanilang buhay sa kanilang pinanggalingang barangay dahil may kani-kaniya silang hanapbuhay at pinagkakakitaang negosyo. Kasama nilang namumuhay sa kanilang pinanggalingang barangay ang kanilang asawa, mga anak, kapatid, at iba pang miyembro ng pamilya. Ang imahe ng kanilang pinanggalingang barangay ay nanatiling buo sa kanilang alaala lumipas man ang ilang taon mula nang maganap ang giyera.

Sa panahon ng pangwawasak, ang napakagandang alaala nila sa kanilang dating lugar ay napalitan ng wasak, sira, at sunog na imahe ng mga bahay, mga istrukturang komersyal, pagkawala at pagkaputol ng kanilang ikinabubuhay, at iba pang mahahalagang gusaling tulad ng paaralan at masjid.

Sa panahon ng paglikas, halos iisa ang kanilang naging tugon – mahirap ang buhay ng isang IDP sa panahong ito. Mahirap dahil apektado ang kanilang pamumuhay dahil nawalan sila ng hanapbuhay at pinagkakakitaan. Ang tulong ng kanilang mga kamag-anak at ang ayudang ipinamamahagi mula sa iba't ibang pangkat at ahensiya ang kanilang naging sandalan sa panahong sila ay nasa iba't ibang lugar na kanilang pinaglikasan at unti-unting bumabangon. Sa kabila ng kalagayang ito, nanatiling matatag ang kanilang pananampalataya.

Sa kanilang pagbalik sa Marawi, nalamang hindi na sila nakabalik sa kanilang dating lugar. Napadpad sila sa Dulay, isang bagong lugar na bahagi pa rin ng Marawi. Sa kabila ng matinding hamon, matatag nilang hinarap ang buhay sa Dulay – isang lugar na malayo sa matao at maingay na lungsod, na may matibay na pananampalataya.

Natuklasan din sa pag-aaral na hindi lahat ay kayang wasakin ng digmaan. Sa kabila ng pagkawasak ng mga tahanan, kabuhayan, at komunidad sa Marawi, nanatiling buo at matatag ang pananampalataya, ang pagtutulungan ng magpapamilya at magkakamag-anak, at ang pananatili ng pag-asa sa puso sa kanilang muling pagbangon. Ang mga ito ang nagsisilbing pundasyon ng kanilang katatagan sa gitna ng kawalan at matinding hamon sa isang bagong lugar. Bumabangon silang muli na hindi durog ang pagkatao, ang kanilang pagiging Meranaw at Muslim, at ang pananampalataya sa Diyos.

## CONCLUSION AND RECOMMENDATION

Bawat isa sa naging biktima ng Marawi siege na ngayon ay nasa Dulay ay may sariling salaysay tungkol sa kanilang mga naging danas noong panahong walang pang siege, sa panahon ng pangwawasak ng Marawi siege, paglikas, at sa kanilang pagbangong muli. Ang mga salaysay ng mga apektadong taga-Dulay ay naglalarawan ng mga nawasak na mga bahay, ari-arian, at iba pang kauri nito mula sa kanilang pinanggalingang lugar. Sa nangyaring pagwasak, isang bagong komunidad ang nabuo sa Dulay na

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

kinakitaan ng katatagan ng pananampalataya at hinarap ang bagong buhay sa bagong lugar. Ang paniniwala sa konsepto ng qadr at sabr ay nagbigay-daan upang matanggap ng mga IDPng Meranaw ang mga pagbabago sa kanilang buhay sa bagong lugar na pinaglipatan sa kanila. Ang konsepto ng diaspora ay masasalamin sa mga salaysay ng mga IDPng Meranaw na nagbahagi ng kani-kanilang mga kuwento mula noong wala pang siege, panahon ng pangwawasak ng siege, panahon ng paglikas, at panahon ng kanilang pagbangong muli sa Dulay.

Ang mga salaysay ng karanasan ng mga Meranaw kaugnay ng Marawi siege, partikular na ang napadpad sa Dulay, ay naglarawan ng dalawang magkaiba ngunit magkaugnay na pwersa, ang pagwasak at pagbuo. Literal na nagdulot na pisikal na pagwasak ang Marawi siege noong 23 Mayo 2017 na naging dahilan ng pagkawasak at pagkasunog ng mga tahanan, mga ari-arian, detalye ng bawat barangay, normal na pamumuhay, kabuhayan, at maging ang identidad ng bawat barangay na nawasak. Ang nangyari ay nag-iwan ng matinding epekto sa buhay ng mga mamamayan sa aspektong emosyonal at sikolohikal. Ang traumang dulot ng digmaan na masasalamin sa kanilang mga salaysay ay maaaring tumagal ng ilan pang taon. Sa kabila ng mga trauma at hamong narasanasan ng mga IDPng nasa Dulay, nakita sa kanilang mga salaysay, ang pagpapahalaga sa pamilya at mga kaanak ay nanatiling buo at napapahalagahan sa mga panahon ng pangangailangan. Sa gitna na mga guho at sunog na mga labi ng digmaan, nakitang nanatiling matatag ang kanilang pananampalataya sa kanilang Dakilang Lumikha. Bagama't may kakulangan ang ilan sa gampaning espirituwal, lalo na sa panahon ng pag-aayuno, hindi sila kailanman bumitiw sa kanilang pananampalataya at ang mga paniniwalang kaugnay ng tadhana at pagtitiis (qadr at sabr) ay nanatiling buo at hindi nawasak ng digmaan.

Samantala, sa kabila ng pangwawasak na dulot ng digmaan, ipinakita sa pag-aaral na may nabuong bagong ugnayan sa pagitan ng mga IDPng napadpad sa Dulay. Ang mga IDPng ito ay nagmula sa ilang barangay sa Marawi at nagsama-sama sa permanenteng tirahan na itinalaga sa kanila sa Dulay na nagbigay-daan upang mabuo rin ang isang bagong komunidad na may iba-ibang karanasan at pananaw na taglay ang tibay ng loob at pag-asa na bumangong muli. Sa kabila ng pagkawasak, ipinakita sa pag-aaral ang kakayahan ng mga Meranaw na makibagay, magtiis (sabr), at muling bumuo ng bagong kuwento ng buhay sa bagong lugar na napuntahan. Ipinamalas din sa pag-aaral ang mga nabuong kuwento sa gitna ng pagkawasak – mga salaysay ng pagwasak, paglikas, at pagbangon mula sa matinding pakikibaka dahil sa digmaan.

Sa kabilang dako, masasabing ang pag-aaral ay naging tagapagpaalala rin sa halaga ng kapayapaan. Ipinakita sa pag-aaral na ang kapayapaan ay hindi lamang yaong kawalan ng digmaan at hindi pagkawatak-watak kundi nakikita rin ito sa sama-samang pagkilos, pagtutulungan, at matatag na pananampalataya.

Saklaw lamang ng pag-aaral ang buhay at kalagayan ng mga IDPng nasa Dulay na masasalamin sa tatlumpu't pitong (37) personal na salaysay na nakalap mula sa mga IDPng Meranaw na nasa Dulay. Binigyang-tuon sa mga salaysay ang alaala nila sa kanilang pinagmulang barangay. Kasama na sa pinagtuonan ang kanilang karanasan at kalagayan sa kanilang paglikas at sa bagong lugar na kanilang kinaroroonan. Sa mga salaysay ay binigyan-pansin ang kalagayan ng kanilang kabuhayan, istruktura ng pamilya, at pananampalataya sa panahong bago ang siege, paglikas, at pagbalik at paninirahan sa bagong lugar.

Kaugnay nito, inirerekomendang magkaroon ng iba pang pag-aaral hinggil sa karanasan ng mga residente mula sa ilang barangay sa MAA na hindi na bumalik sa Marawi. Magkaroon din ng komparatibong pananaliksik hinggil sa saloobin ng mga IDPng nakatira sa iba pang permanenteng tahanan at sa mga IDPng hanggang ngayon ay nananatili pa rin sa mga temporaryong tirahan sa ibang bahagi ng Marawi. Iminumungkahi ring maging paksa ng pag-aaral ang ilang barangay sa MAA na sinasabing kasama sa military reserved gaya ng Lumbac A Madaya at Lilod Madaya. Maaari ring pagtuunan ng pansin kung

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 1 Issue 8 (2025)

nakatulong ba sa mga apektadong residente ng Marawi sa pagtugon sa kanilang mga hinaing ang binuong Marawi Compensation Board (MCB).

## REFERENCES

Ambung, N., et al. (2019). The Marawi siege aftermath: Living conditions and coping strategies of internally displaced persons (IDPs) in Sagonsongan, Marawi City, Lanao del Sur (Undergraduate thesis). Mindanao State University.

Angeles, M. A. (2019). Filipino ng Lahi 10. DIWA Learning System, Inc.

Burias, L. (2014). Philippine diaspora literature: Home as a diasporic residual image in selected creative nonfiction. MSU-Iligan Institute of Technology.

Cabugatan, N., & Oder, J. (2019). The socio-economic outcome of Marawi siege as perceived by selected evacuees in Municipality of Saguiaran, Lanao del Sur (Undergraduate thesis). Mindanao State University.

Fonbuena, C. (2023, February 8). Marawi buildings' ten-billion price tag ready but empty. Philippine Center for Investigative Journalism. https://pcij.org/article/9859/marawi-buildings-ten-billion-price-tag-ready-but-empty

Gallardo, F. (2022, May 24). Displaced Maranaos give up on Duterte, ask Marcos to 'clean up mess.' The World News. https://theworldnews.net/ph-news/displaced-maranaos-give-up-on-duterte-ask-marcos-to-clean-up-mess

Gervacio, G. (2014). Sandosenang Sendong: Ang talinghaga ng pagwasak at pagbuo. MSU-Iligan Institute of Technology.

Noor, N. H. (2018). Karanasan ng mga kabataang babaeng Meranaw na bakwit sa evacuation center ng Campong Pantar, Lanao del Norte (Undergraduate thesis). Mindanao State University.

Macalangcom, R. (2013). Study on the migration patterns of Meranao in Dumaguete City (Undergraduate thesis). Mindanao State University.

Pe-Pua, R. (1989). Sikolohiyang Pilipino: Teorya, metodo at gamit. University of the Philippines Press.

ReliefWeb. (2018, March 8). DROMIC Report #100 on the armed conflict in Marawi City. https://reliefweb.net

Rocina, J. A. (2021). The diaspora and socio-economic roles of Muslim migrants in the city of Dasmariñas, Philippines. International Journal of Islamic Thought, 19(June), 57–69. https://doi.org/10.24035/ijit.19.2021.193

Suson, D. (2021, October 20). Still homeless in Marawi. Inquirer.net. https://newsinfo.inquirer.net/1504030/still-homeless-in-marawi